Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay bumibisita sa Quba na sumasakay at naglalakad,Nag-aalay siya rito ng dalawang Tindig na pagdarasal

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allāh sa kanilang dalawa-Siya ay nagsabi:Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay bumibisita sa Quba na sumasakay at naglalakad,Nag-aalay siya rito ng dalawang Tindig na pagdarasal.At sa isang pananalita:Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay dumarating sa Masjid ng Quba sa bawat [Araw ng] Sabado na sumasakay,at naglalakad,at ginagawa ito ng anak ni Ibn `Umar.

[Tumpak] [napagkaisahan ang katumpakan sa dalawang salaysay niya]

Ang lugar ng Qubah kung saan ay itinayo ang unang Masjid sa Islam,Isang nayon na malapit sa Sentro ng Madinah mula sa,Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay bumibisita rito na sumasakay at naglalakad,At ang pagsabi niya:Sa [bawat araw ng] Sabado:Sapagkat siya ay nagtatalaga ng ilang araw para sa pagbibisita,At ang layunin sa pagdating niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Quba sa bawat araw ng Sabado sa bawat Linggo,ay walang iba kundi upang magkaroon ng ugnayan sa mga Ansar at upang mabisita ang mga kalagayan nila,at ang kalagayan ng sinumang nagiging huli sa kanila sa pagdalo sa Jum ah kasama niya,at ito ang sekreto sa pagtatalaga niya sa araw ng Sabado.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3443